Sangguniang Gabay para sa Booster na Dosis ng Bakuna sa COVID-19 para sa Lahat ng Edad

Ikaw at ang iyong anak ay nabakunahan ng pangunahing serye ng bakuna sa COVID-19 upang maprotektahan kayo at ang iba pang tao laban sa malubhang pagkakasakit, pagpapaospital, at pati na rin sa pagkamatay dahil sa COVID-19. Ayon sa mga pag-aaral, bagamat nananatiling mabisa ang mga bakuna sa COVID-19, posibleng humina ang proteksiyon nito sa paglipas ng panahon.

Sa ngayon, ang pagpapa-booster pa rin ang pinakamabisang paraan upang maipagpatuloy ang proteksiyong ito.

Tingnan ang chart sa ibaba upang malaman kung angkop para sa iyo o sa anak mo ang booster na bakuna sa COVID-19.*

Kung nakakuha ka ng...	*Sino ang dapat kumuha ng booster*	*Anong booster ang dapat kunin*	*Kailan dapat kumuha ng booster*
Moderna	Mga taong edad 6 buwan pataas	**Ang mga batang 6 buwan – 4 taong gulang** ay dapat makatanggap ng updated na bivalent na dosis na may brand na kapareho ng kanilang pangunahing serye	Hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos makumpleto ang kanilang huling dosis (pangunahing serye o monovalent booster)
		Ang mga 5 taong gulang pataas ay dapat makatanggap ng updated na bivalent booster na dosis ng Pfizer o Moderna	
		Ang mga 18 taong gulang pataas na hindi pa nakatanggap ng booster dati ay maaaring tumanggap ng booster ng Novavax kung hindi sila puwedeng tumanggap o hindi sila tatanggap ng updated na mRNA booster.	Hindi bababa sa 6 buwan pagkatapos ng pangunahing serye.
Pfizer	Mga taong edad 5 pataas	**Ang mga batang 5 taong gulang** na nakatanggap ng Pfizer ay maaari lang makatanggap ng updated na bivalent booster ng Pfizer	Hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos makumpleto ang kanilang huling dosis (pangunahing serye o monovalent booster)
		Ang mga 6 taong gulang pataas ay dapat makatanggap ng updated na bivalent booster ng Pfizer o Moderna kahit ano pa ang kanilang pangunahing serye	
		Ang mga 18 taong gulang pataas na hindi pa nakatanggap ng booster dati ay maaaring tumanggap ng booster ng Novavax kung hindi sila puwedeng tumanggap o hindi sila tatanggap ng updated na mRNA booster.	Hindi bababa sa 6 buwan pagkatapos ng pangunahing serye.
Johnson & Johnson	Mga taong may edad na 18 pataas	**Ang mga 18 taong gulang pataas** ay dapat makatanggap ng updated na bivalent booster ng Pfizer o Moderna	Hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos makumpleto ang kanilang huling dosis (pangunahing serye o monovalent booster)
		Ang mga 18 taong gulang pataas na hindi pa nakatanggap ng booster dati ay maaaring tumanggap ng booster ng Novavax kung hindi sila puwedeng tumanggap o hindi sila tatanggap ng updated na mRNA booster.	Hindi bababa sa 6 buwan pagkatapos ng pangunahing serye.
Novavax	Mga taong edad 12 pataas	**Ang mga 12 taong gulang pataas** ay dapat makatanggap ng updated na bivalent booster ng Pfizer o Moderna	Hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos makumpleto ang kanilang pangunahing serye
		Ang mga 18 taong gulang pataas na hindi pa nakatanggap ng booster dati ay maaaring tumanggap ng booster ng Novavax kung hindi sila puwedeng tumanggap o hindi sila tatanggap ng updated na mRNA booster.	Hindi bababa sa 6 buwan pagkatapos ng pangunahing serye.

Kung ikaw ay katamtaman o malubhang immunocompromised, mag-iiba ang mga alituntunin.

Vaccinate WA

Ang mga taong nagkaroon ng impeksiyon ng SARS-CoV-2 kamakailan ay maaaring pag-isipan na **huwag munang kumuha ng pangunahin o booster na dosis para sa COVID-19 sa loob ng 3 buwan mula nang nagkaroon ng sintomas o nagpositibo sa pagsusuri (kung walang naging sintomas habang may impeksiyon). Ayon sa mga pag-aaral (sa English), kapag mas malaki ang agwat ng panahon sa pagitan ng pagkahawa at pagpapabakuna, mas malakas ang immune response sa bakuna. Naobserbahan din na mas maliit ang panganib na mahawahan ulit sa loob ng mga linggo o buwan matapos unang mahawahan. Ang mga indibidwal na salik gaya ng panganib na magkaroon ng malubhang sakit (sa English) na COVID-19, COVID-19 sa buong komunidad (sa English), o ng mga katangian ng laganap na SARSCoV-2 strain ay dapat isaalang-alang kapag nagpapasya kung hindi pa muna kukuha ng booster na dosis matapos gumaling sa impeksiyon.*

Mga Madalas Itanong tungkol sa mga Booster na Dosis ng Bakuna sa COVID-19

Ano ang updated/bivalent na booster?

Ang updated/bivalent na booster sa COVID-19 ay formula ng bakuna na nagpapalakas sa immunity laban sa orihinal na coronavirus strain at nagpoprotekta rin laban sa mga mas bagong Omicron variant na sanhi ng karamihan ng kasalukuyang kaso. Layunin ng mga updated na booster na makapagbigay ng pinakamalakas na proteksiyon laban sa virus at tugunan ang pagkawala ng bisa ng bakuna sa paglipas ng panahon.

Bakit mahalaga ang mga booster na dosis?

Makakatulong ang mga booster na dosis sa pagbibigay ng tuloy-tuloy na proteksiyon laban sa malubhang pagkakasakit. Ang lahat ng 5 taong gulang pataas ay dapat makatanggap ng booster na dosis para manatiling updated sa kanilang pagpapabakuna. Ang ilang populasyon, gaya ng mga taong katamtaman o malubhang immunocompromised, ay maaaring mangailangan ng karagdagang dosis upang madagdagan ang kanilang immunity. Mahalaga ito lalo na ngayong dumarami ang mga variant na higit na nakakahawa at ang mga kaso ng COVID-19 sa buong Estados Unidos.

Kung kailangan ng mga booster na dosis, ibig bang sabihin nito ay hindi gumagana ang mga bakuna?

Hindi. Ang mga kasalukuyang bakuna sa COVID-19 na mayroon tayo sa Estados Unidos ay mabisang gumagana para pigilan ang malubhang pagkakasakit, pagpapaospital, at pagkamatay, kahit na pa laban sa mga variant. Gayunpaman, napansin ng mga eksperto sa pampublikong kalusugan na nabawasan ang proteksiyon laban sa banayad at katamtamang sakit na COVID-19, lalo na sa mga populasyong lubos na nanganganib. Ginawa ang mga updated/bivalent na booster para palakasin ang immunity at magbigay ng mas mabisang proteksiyon laban sa ilang mas bagong variant.

Ano ang dapat kong dalhin sa appointment ko para sa booster na dosis?

Pakidala ang card mo/ng iyong anak sa pagpapabakuna sa appointment para sa booster na dosis para makumpirma muna ng provider na kumpleto na ang inisyal na serye ng bakuna. Kung nawawala ang card, maaaring hanapin ng provider ang iyong rekord.

Ano ang pinagkaiba ng karagdagang dosis ng bakuna at booster na dosis?

Ang karagdagang dosis ay para sa mga pasyenteng immunocompromised na nakakumpleto ng 2 dosis na serye ng mRNA na bakuna (Pfizer o Moderna) ngunit may hindi sapat na malakas na immune response.

Ang booster na dosis ay ibinibigay upang palakasin o ipanumbalik ang proteksiyon at/o immunity pagkatapos humina ng inisyal na serye ng bakuna sa paglipas ng panahon.

Anong brand ng bakuna ang puwede kong kunin para sa booster ko?

Ang mga batang 6 buwan – 4 taong gulang ay dapat makatanggap ng updated na bivalent na dosis na may brand na kapareho ng kanilang pangunahing serye.

Ang mga batang 5 taong gulang na nakatapos na ng pangunahing serye ng Pfizer ay dapat lang makatanggap ng updated na bivalent booster ng Pfizer.

Ang mga batang 5 taong gulang na nakatanggap ng Moderna ay maaaring makatanggap ng updated na bivalent booster ng Moderna o Pfizer.

Ang mga 6 taong gulang pataas ay puwedeng makatanggap ng updated na booster na dosis ng Pfizer o Moderna, kahit ano pa ang brand ng natanggap nilang pangunahing serye o nakaraang booster na dosis.

Ang mga 18 taong gulang pataas ay puwede ring piliing tumanggap ng booster ng Novavax kung nakatapos na sila ng pangunahing serye ng bakuna pero hindi pa nakatanggap dati ng booster sa COVID-19 — at kung hindi sila puwedeng tumanggap o hindi sila tatanggap ng updated na mRNA booster.

Kailan itinuturing na updated ang isang tao?

Ituturing kang updated sa iyong mga bakuna sa COVID-19 kung nakatapos ka na ng pangunahing serye ng bakuna sa COVID-19 at natanggap mo ang pinakabagong booster na dosis na inirerekomenda para sa iyo ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit).

Puwede bang tumanggap ng booster kasabay ng ibang bakuna, tulad ng para sa trangkaso?

Oo. Ikaw o ang iyong anak ay puwedeng makakuha ng bakuna sa COVID-19 kasabay ng ibang bakuna. Hindi mo kailangang i-schedule ang *mga kailangang bakuna sa paaralan* (sa English) ng iyong anak o ang iba pang inirerekomendang bakuna nang hiwalay sa bakuna sa COVID-19. Ang appointment para sa bakuna sa COVID-19 ay isa pang pagkakataon para makuha mo o ng iyong anak ang lahat ng inirerekomendang bakuna.

Mayroon pang tanong? Pumunta sa: *doh.wa.gov/covidbooster*

Washington State Department of Health

DOH 825-039 December 2022 Tagalog Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.